DepEd Advisory No. 389, s. 2014
October 10, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

SULONG: DANGAL NG FILIPINO 2014 SEMINAR-WORKSYAP

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pakikipagtulungan ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA), Filipinas Institute of Translation (FIT), Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo (LIRA), at iba pang organisasyong pangwika at pangkultura, ahensiya ng pamahalaan at ahensiyang panlalawigan ay magdaraos ng seminar-worksyap na may pamagat na *Sulong: Dangal ng Filipino 2014* sa iba't ibang rehiyon sa bansa.

Layunin ng seminar-worksyap na ito ang mga sumusunod:

1. bigyan ng de-kalidad na seminar-worksyap ang mga guro sa Filipino ukol sa wika, panitikan, at kulturang Filipino sa pamamagitan ng mga paksang *Ortograpiyang Pambansa*, *KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat*, *Sagisag Kultura ng Filipinas*, at *Pambansang Edukasyong Pampanitikan*. Kalakip ang tentatibong Programa; at
2. maihanda sila para sa pagtuturo ng wika, kultura, at panitikang Filipino kaugnay ng mga repormang pang-edukasyon dulot ng Programa ng K to 12.

Ang mga guro sa Filipino sa mga pampubliko at pampribadong paaralan at mga mananaliksik ay imbitadong dumalo sa aktibidad na ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring tumawag kay:

Bb. Kriscell Largo Labor
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2F Gusali Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel
Malacañang, San Miguel, Manila
Telepono Blg.: (02) 733-7260; (02) 516-0326
Mobile Phone Blg.: 0917-614-6435
Email Address: tantiyado@gmail.com; komfil.gov@gmail.com
Website Address: www.kwf.gov.ph

Alma/DA Sulong Dangal
0682-October 3, 2014